



## Ang Kababaihan at Nasyonalismo sa Kasaysayan

✽ Sylvia Estrada-Claudio ✽

### Abstract

This paper looks at the contradictory relationship of feminism and nationalism. While one common trope in feminist historiography is to surface the role of women in Philippine history, it argues that there is a need to understand that the concept of the nation and nationalism are social constructs with their own histories. It argues further that a more grounded and detailed analysis is necessary in order to understand the nuanced and often contradictory relationship of the ideologies of nationalism and feminism. The paper suggests that such a critical interrogation opens up new analytical and research possibilities for engaged scholars and other social actors.

**SA AKADEMYA**, maybunga ang interaksyon ng disiplina ng kasaysayan at ng disiplina ng aralin ukol sa kababaihan o women's studies.

Sa aking palagay, maaring balangkasin ang literatura tungkol sa kababaihan at nasyonalismo sa kasaysayan, sa dalawang mahahalagang tunguhin.

Ang una, ay ang patuloy na pagtuklas ng mga ambag ng kababaihan sa kasaysayan ng bayan.

Ang kumperensyang ito, kung saan sinasariwa at binibigyang halaga ang buhay ni Tandang Sora ang isang halimbawa. Mayaman at yumayaman pa ang mga aralin na ganito ang tema. Dahil sa malasakit ng mga istoryador ng kababaihan, nabibigyan ng liwanag ang di matatawarang ambag ng mga kababaihan sa lahat ng yugto ng kwentong bayan. Mula sa pagtanggì ng mga babaylan sa Kristyanismong dala ng mga Espanyol, sa mga babaeng nakilahok sa mga pag-aalsa sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, sa mga bayaning babae



ng Himagsikan ng 1896, sa guerra laban sa Estados Unidos, sa pananakop ng Hapon, sa diktadura ni Marcos at hanggang sa kasalukuyan, naging mahalaga ang papel ng kababaihan sa paglikha at pagtanggol sa bayan.

Dahil sa mababang estado ng babae sa lipunan, ang kabayanihan ng mga Filipina ay madalas di napapansin, sadyang itinatago at tuluyang nililimot ng mga manunulat. Kadalasa'y bulag o nagbubulag-bulagan ang mga eksperto dahil ang mga buhay ng ating mga bayani ay hindi umaangkop sa mga isteryotipikal na papel na binibigay sa babae ng lipunan. Paano nga ba natin tatawagin na mahina ang mga babaeng kung kabaro sila ni Salud Algabre o ni Teresa Magbanua, na humawak ng baril at nanguna ng mga armado? Paano ba natin sasabihin na pang-bahay lamang ang mga babae kung sila'y nagiging lider at pinuno tulad ng mga babaylan, at ni Cory Aquino? Paano tatawaran ang talino nina Dr. Honoria Acosta Sison ang unang babaeng manggamot, Maria Francisco de Villacerna ang unang babaeng abogado; Encarnacion Alzona, unang istoryador. Isipin pa, na ang mga ito'y lumaban upang makapasok sa piniling propesyon at hinarap ang diskriminasyon ng mga lalaking guro at kaklase para makuha ang kanilang mga diploma. Ang sinumang humahadlang sa karapatan ng kababaihan ngayon, yaong mga nagsasabing masisira ang lipunan kung tayo'y bigyan ng pantay na pribilehiyo at responsibilidad, ng pantay na karapatan sa trabaho, sa reproductive health at kung anupaman, ay hindi nag-aaral ng kasaysayan!

Nguni't ang pagtuklas sa katalinuhan, kagalingan, katapangan at kabayanihan ng mga Filipina ay hindi natatapos lamang sa paglalarawan ng ilang makabuluhang tao o buhay. Minsa'y kailangan ding balikan ang mga kwento upang makuha ang buong katotohanan. Sa totoo lamang, nung bata ako, ayoko tularan si Tandang Sora. Gusto kong tularan si Jose Rizal. Kung bata ka nga naman bakit ka mangangarap maging best supporting actress sa halip na maging bidang superstar?



Nguni't ngayon na tumanda na ako, naisip ko na okay naman maging si Tandang Sora.

Naisip ko ito dahil hindi lamang best supporting actress si Tandang Sora. Siya ay bida ng kakaibang kwento. Ilan sa mga matatanda ngayon ang handang isugal ang lahat, magbago ng landas at matanggal sa ligtas at kumportableng katayuan para sa prinsipyo? Ilan ang handang magpakulong, mapahirapan at mapa-destierro sa ibang bayan? Dalawa raw ang paraan ng pagiging bayani, yung mamatay ng batang martir—o yung tumagal ng dekada at taon na hindi lumilihis sa prinsipyo, hindi bumibitaw sa pagtaguyod ng tama. Alin kaya dito ang mas mahirap na landas?

Katanggap-tanggap na tularan si Tandang Sora dahil ang pag-alaga ng maysakit, magpakain ng gutom na sundalo, at magbigay ng iba't ibang klaseng support services sa rebolusyon ay mahahalagang gawain. Hindi naman naipanalo ang Himagsikan ng 1896 kung hindi dahil sa gawain ng libo-libong babae na nagsakripisyo.

Naging katanggap-tanggap siya sa akin dahil binigyan siya ng interpretasyon na kakaiba sa isteryotipikal na pananaw tungkol sa babae na madalas ay ipinipilit sa atin kapag ititnuturo ang kabayanihan ng kababaihan.

Nakarating ako sa ganitong pagpapahalaga sapagka't naimpluwensyahan ako ng pangalawang tunguhin sa larangan ng peministang istoryograpiya (feminist historiography). At ito ang maging kritikal mismo sa mga lapit o approaches na pinahalagahan lamang ang karanasan at gawain na itinakda para sa kalalakihan, kung saan nagiging mahalaga lang ang ambag ng kababaihan kung nakakatulong sa mga halagahin at gawain ng mga lalaki.

Ayon na nga sa “great man theory of history” anakbo ng kasaysayan ay nakabatay sa pagkilos ng mga makapangyarihang tao. Di yata't maraming libro ng kasaysayan ay tungkol sa mga



dakilang lalaki at sa mga gawain nila—ang sundalo at ang guerra, gobierno at ang politiko, ang pagkamal ng pera at ang mangangalakal, ang mananakop at ang pagsakop, ang krimen at ang kriminal.

Nguni't ang ganitong kasaysayan nga ba ay dahil ang mga gawaing ito lamang ang mahalaga o dahil ito lamang ang pinapahalagahan ng mga makapangyarihan? Bakit nga ba hindi natin pinakikinggan ang kwento ng mga mahihirap at maliliit? Ang mga manggagawa, maralita at magsasaka na siyang nagpapa-inog sa lipunan? Sasabihin sa atin ng mga propesor ng kasaysayan na luma na ang debateng ito at napakarami ng pananaliksik, libro at iba pang lathalain na pinapaksa na rin ang buhay ng maliliit na tao at kasaysayan ng mga pang-araw-araw na gawain.

Nguni't sila na rin ang magpapatunay na hindi natatapos ang dibisyon na ito sa kasaysayan. At, kapag ang karanasan at realidad ng kababaihan ang pag-uusapan, malayo pa ang tatahakin bago tayo magkaroon ng isang kasaysayan na isinasalang-alang ito.

Halimbawa ang pinakatanyag na akda ni Michel Foucault (1990) tungkol sa kasaysayan ng sekswalidad. Kung ako ang tatanungin, si Foucault ang isa sa mga pinakamahalagang intelektwal ng nakaraang siglo. Marami ang kadahilanan ko, pero isa na rito ang kakaibang paksa ng kanyang akda—isang paksang malapit sa mga pinagkaka-abalahan ng kababaihan at isang paksang sentral sa usapin ng kaapihan natin.

Hindi ba't ito na rin ang dahilan kung bakit kakaiba na ang pagpapahalaga ko kay Tandang Sora—dahil siya'y maliit na tao, babae, di nakapag-aral, matanda.

Nang sinusulat ko ang papel na ito, nanaginip ako nang gising. Naisip ko na kausap ko siya—ang Tandang Sora ng sariling kong imahinasyon. Syempre, ikinatutuwa niya ang aking mga halagahin. Medyo vibes kami at kaswal ang usapan.

Ako: Tandang Sora anong tingin ninyo sa ngayon?

Siya: Okey, ah. Lahat ng babae ay nakapag-aaral. Hindi



lamang para bumasa at sumulat pero para maging mga propesyonal.

Ako: At naipanalò na rin ang karapatang bumoto ng kababaihan. Mahigit tatlong dekada nga lang bago maipanalò. Pero alam mo naman tayong mga women, kung gaano natin kayang magtiis sa kahit anong bagay, ganun din tayo kapursigido sa kahit anong sinumulan.

Siya: Ha? Ano sabi mo? Mahigit tatlong dekada? Eh sa panukalang Konstitusyon ni Mabini, may karapatan na ang babaeng bumoto. Anong nangyari? Sabi ko na nga ba yang mga lalaking yan. Nasyonalismo, nasyonalismo, karapatan-karapatan. Yun para sa kanila lang ang karapatan? Para kanino ba ang bayan? Pinalitan lang ba ang kulay ng balat ng aking amo? Mabuti pa kaya nung puti, mas madaling matukoy kung sino ang kalaban.

Ako: Idol naman, bayani ka ng Pilipinas. Bakit mo naman itinatanong kung para kanino ang bayan?

Siya: Naku ha. Naalala ko pa nung inimbento yang konspeto na yan nina Pepe Rizal nang mabigo ang mga ilustrado sa kanilang kagustuhang maging ganap na mamamayan ng Espanya. Itong mga ito talaga. Minsan yata kapag hindi na kaya ng mga yan na pag-usapan ng mahinahon ang bagay bagay, gagamitin ang bayan para guerrahin yung kabila.

Ako: Idol naman, hindi ba ang bayan ang siyang nagbubuklod-buklod sa atin?

Siya: Ha? Alam mo ba kung bakit ginamit nina Sakay at Bonifacio ang salitang “Katagalugan at Tagalog” sa halip na “Filipino at Filipinas”? Kasi malinaw sa kanila na ang mga mayayamang nakiniig sa mga prayle na ang tawag sa sarili nuon ay Filipino, ay hindi isasama.

Ako: Dati yon. Ngayon kahit may mayaman at mahirap iisa lamang ang Pilipino. Pantay ang karapatan bilang mamamayan.

Siya: Naku hija, ka. Akala mo ba hindi ko nakausap ang mga Igorot, Manobo, Aeta at iba pang katutubo? Panay nga ang istambay ko sa kanila ngayon kasi, alam mo, sa totoo lang, kaming



mga rebolusyonaryo, medyo hindi kami sensitibo sa isyu ng mga katutubo noon. Ayun na nga, ayon sa kanila hindi naman daw sila pantay sa karapatan. Ito ngang ibang Moro may sariling bayan at di daw sila Pilipino.

At ikaw, babansagan mo sarili mong peminista, pantay na ba ang karapatan mo sa kalalakihan ngayon?

Tunay ka bang kinakatawan ng mga pulitiko na ibinoto daw natin. Nang tinanggap ng mga representante daw natin ang mga panghihimasok ng Estados Unidos sa mga base militar—sila ba ay nagsasalita para sa mga Pilipino?

Ako: Ayoko na, ayoko na! Masamang panaginip. Hindi ka si Tandang Sora. Peke ka. Halimaw!

Siya: Maghinahon, sister. Akalo ko hinanap mo nga ang tunay na ako. Heto na nga ako. Binabasa ko kasi ang mga aklat sa library ng CSWCD. At sabi ng ilan: alalahanin na ang pagiging bayan ay isang konseptong nilikha ng tao. Sa mahabang panahon ng sangkatauhan bagong konsepto ang nasyonalismo at ang konspeto ng bayan.

Mahalagang isipin mo ito. Hindi lang sa Pilipinas ginagamit ang konsepto ng bayan at pagkakaisa upang manaig ang interes ng ilan. Kadalasa'y ang nalulugi ang kababaihan, katutubo, at iba pang grupong api.

Ako: Ha? Hindi ka sold sa nationalism?

Siya: Ako nga itong di nakapag-aral bakit ang hina mo? Ang sinasabi ko lang ay may hangganan ang konsepto at palaging dapat isinasayos at sinasariwa ang kahulugan. Payag ka ba kung ang pagiging Pilipino ay nangangahulugan na hindi na ka na makikiisa sa sangkatauhan? Wala na ba tayong pakialam sa karapatan ng mga babae sa Syria dahil hindi natin sila kabayan? Mag-isip ka naman.

Pagod na ako at ang hirap mong paliwanagan. Dyan ka na. Pag-isipan mo.

Ako: Idol, don't leave me...



Pasensya na po sa mga kamag-anak ni Tandang Sora. Dahil maiksi ang panahon ay idrinama ko na lang. Nguni't gusto kong isipin na kung buhay siya ngayon, ganyan siya---malalim ang kaisipan at hindi natatakot suwayin ang naghaharing kaalaman. Kung tinanggap lang niya ang tinatanggap ng karamihan nuon, hindi siya naging bayani.

At ito na nga ang sa akin ang huli at mahalagang tema sa literatura tungkol sa nayonalismo at kababaihan. Ang pag-iimbestiga sa iba't ibang konspeto ng nasyonalismo, ang iba't ibang gamit nito.

Ayon kay Mosse (1985), sabay na iniluwal sa isang takdang panahon sa Europa ang nasyonalismo at ang pagtaguyod ng sekswal na moralidad kung saan naging mahigpit ang pagbabalangkas ng puri ay kadalisayan para sa kababaihan at kung saan may double standard sa pagitan ng kalakihan at kababaihan. Sa mga kolonya ng Europa tulad ng Pilipinas, ipinataw ang kakaibang moralidad at pananaw sa sekswalidad upang maka-ambag ito sa layunin ng mga mananakop. Hindi na natin kailangan bigyan ng kakaibang halimbawa ito. Isipin na lamang ang paglalarawan ni Rizal sa sekswal na pananamantala ng mga prayle sa inosenteng Maria Clara sa Noli Me Tangere. Laluna't inilarawan din niya sa nobelang ito ang higit na malaya na sekswalidad ni Salome. Sa aking pagbasa, walang pagkiling si Rizal sa inosente, o dili kaya'y mangmang na si Maria Clara at higit na mala-paraiso ang paglalarawan niya sa tagpuan ni Elias at Salome.

Sa akda ni Ibsen (1999) ipinapakita niya na ang pagkumpisal ay ginamit ng mga prayle at administrador ng mga kolonya ng Espanya upang himukin ang kababaihan na ipagpalit ang katutubong asal at kabihasan para sa asal at kabihasan na inuutos nila. Ayon naman kay Schlau (2002) ang mga paglilitis sa mga babaeng inakusahan bilang mga bruja ay punong puno ng sekswal ng mga akusasyon na bumubuo ng mga etseryotipo na hindi lamang sexist kundi racist din.



Maari din nating alalahanin na nasyonalismo ang ginamit na konspeto ni Hitler upang bigyang daan ang kanyang pandarambong sa mga bayan ng Europa at pagpaslang sa milyon-milyong Hudyo.

Maging sa kasalukuyan, sa labanan halimbawa sa reproductive health bill paulit-ulit na naririnig ko pa ang paratang na ang mga pro-RH ay impluwensyado lamang ng banyagang idolohiya ng peminismo at hindi mga tunay na makabayan. Marami ng iskolar, halimbawa si Quindoza Santiago (1996) ang nagpapakita na ang termino at kaisipang peminista ay may mahaba nang kasaysayan sa Pilipinas. Malinaw na hindi lamang sa ibang bayan maaring gamitin ang nasyonalismo laban sa interes ng kababaihan.

Sa pagsusuma, ang relasyon ng peminismo at nasyonalismo sa larangan ng kasaysayan ay may dalawang malaki, nguni't hindi hiwalay, na tunguhin at ilang mahahalagang tema.

Ang unang tunguhin ay ang pagpapatampok ng ambag ng kababaihan sa kasaysayan at sa partikular sa paglikha at pagtanggol sa bayan. Sa tunguhin na ito, dalawa ang tema. Ang una ay ang pagpapatampok ng mga kwento at buhay ng mga natatanging kababaihan, mga bayani. Marami sa mga bayaning babae na ito ay lumabas sa makitid na papel na ibinibigay sa kanila ng lipunan upang makagawa ng bagay na pantay sa gawain at kontribusyon ng kalalakihan. Dahil sa kanila, maraming karapatan at pribilehiyo ang natatamasa natin ngayon.

Ang pangalawang tema sa tunguhin ng pagpapatampok sa mga ambag ng kababaihan ay ang pagbibigay halaga sa mga karanasan ng kababaihan at sa mga gawain nila kahit ito pa man ang siyang ibinigay na papel na patriyarkal na lipunan. Dito ko isasama si Tandang Sora na ginampanan ang papel ng taga-alaga na siya namang papel dapat ng mga babae. Nguni't dahil sa panibagong pagpapahalaga pinapupurian din natin siya dahil sa kakaiba ang kanyang naging landas sa mga lalaking bayani—





bilang isang matanda, bilang isang di nakapag-aral, bilang isang orihinal na OFW.

Ang pangalawa namang malaking tunguhin sa interseksyon ng nasyonalism at peminismo ay ang pagiging kritikal at paglikha ng mga bagong lapit o approaches sa pagiging bayani at sa nasyonalismo. Dito ko ilalagay ang tuluyang pagpapahalaga sa mga karanasan ng kababaihan bilang tagapagbigay ng buhay at tagapag-aruga. Dahil sa mga panibagong lapit na ito, mga bagong pagpapahalaga, nahahanap natin ang mga elemento sa buhay ng mga bayani na maaring isisantabi o nililimot ng mga istoryador.

Nguni't ang pagiging kritikal sa larangan ng teorya ay nagdadala din ng higit na higit na mulat na pag-intindi sa konsepto ng nasyonalismo bilang isang konsepto na dapat sariwain at buhayin sa loob ng isang realidad kung saan ang lipunan ay nahahati-hati pa rin sa pagitan ng mga taong may pribilehiyo at kapangyarihan at ang mga sektor at pamayanan na hanggang ngayon ay naghintay pa rin ng pantay na karapatan bilang mamamayan.

### **Bibliograpiya**

- Foucault, M. (1990). *The History of Sexuality*. Vol. 1. Vintage Books.
- Ibsen, Kristine (1999). *Women's Spiritual Autobiography in Colonial Spanish America*. University Press of Florida.
- Mosse, George, L. (1985). *Nationalism and Sexuality*. New York: Howard Fertig.
- Quindoza-Santiago, Lilia (1996). "Ang Pinagmulan ng Kaisipang Feminista sa Pilipinas," nasa *Women in History and Revolution. Review of Women's Studies* Vol. V, No. 2; Vol. VI, No. 1 (Pat. Thelma B. Kintanar). University Center for Women's Studies.
- Schlau, Stacie (2002). "Gendered Crime and Punishment in New Spain: Inquisitional Cases Against Ilusas," nasa *Colonialism Past and Present: Reading and Writing about Colonial Latin America Today*. Pat. Alvaro Félix Bolaños at Gustavo Verdesio. Albany: State University of New York Press , pp. 151–174.